# Mga Benepisyo para sa Mga Bata

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Sino ang makakakuha ng mga benepisyo ng bata? | 1 |
| Ano ang kakailanganin mo kapag nag-apply ka para sa mga benepisyo ng bata | 2 |
| Ang mga benepisyo ay maaaring magpatuloy sa edad na 18 taong gulang | 2 |
| Kung ikaw ay nag-aalaga sa isang bata | 2 |
| Magkano ang maaaring makuha ng isang pamilya? | 2 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 3 |


Noong 2016, kami ay nakapamigay ng isang average na $2.6 bilyon kada buwan para mapakinabangan ng halos 4.3 milyong mga bata dahil ang isa o pareho sa kanilang mga magulang ay may kapansanan, retirado, o pumanaw na. Ang mga dolyar na iyon ay nakakatulong na makapagkaloob ng mga kinakailangan sa buhay para sa mga miyembro ng pamilya at makatulong para maging posible para doon sa mga batang makakumpleto ng high school. Kapag ang isang magulang ay nagka-kapansanan o pumanaw, ang mga benepisyo ng Social Security ay nakakatulong na mapatatag ang kinabukasang pananalapi ng isang pamilya.

***TALA:*** *Ang may kapansanan na mga bata na ang mga magulang ay may kakaunting kita o pinagkukuhanan ng salapi ay maaaring karapat-dapat para sa mga benepisyo na mula sa Supplemental Security Income. Basahin ang lathala,* Benefits for Children With Disabilities o Mga Benepisyo para sa Mga Bata na May Kapansanan (Publication No. 05-10026).

## Sino ang makakakuha ng mga benepisyo ng bata?

Ang inyong hindi kasal na bata ay maaaring makakuha g mga benepisyo kung sila'y:

- Mas bata sa edad na 18;
- 18-19 taong gulang at isang full-time na estudyante (hindi mas mataas na grade 12); o
- 18 taong gulang o mas matanda na may kapansanan na nagsimula bago sumapit sa edad na 22 taong gulang.

Sa ilalim ng ilang mga situwasyon, maaari rin kaming magbayad ng mga benepisyo sa isang stepchild (anak ng asawa sa naunang asawa o kinakasama), apo, step-grandchild, o inampong anak.

Para makakuha ng mga benepisyo, ang bata ay dapat mayroong:

- Ang magulang na may kapansanan o retirado at may karapatan sa mga benepisyo ng Social Security; o

- Isang magulang na pumanay makalipas na sapat na makapagtrabaho sa isang trabaho kung saan sila ay nagbayad ng mga buwis sa Social Security.

## Ano ang kakailanganin mo kapag nag-apply ka para sa mga benepisyo ng bata

Kapag nag-apply ka para sa mga benepisyo para sa iyong anak, kailangan mo ang birth certificate ng bata at ang mga numero sa Social Security ng mga magulang at ng bata. Depende sa uri ng kasangkot na benepisyo, maaari rin humiling ng iba pang mga dokumento. Halimbawa, kung nag-a-apply ka para sa mga benepisyo ng mga survivor para sa bata, kailangan mong magkaloob ng katibayan ng kamatayan ng magulang. Kung nag-a-apply ka para sa mga benepisyo ng isang may kapansanang bata, kailangan mong magkaloob ng medikal na katibayan para patunayan ang kapansanan ng bata. Ang kinatawan ng Social Security na namamahala sa iyo ang magsasabi kung ano pa ang ibang mga dokumento na kakailanganin mo.

## Ang mga benepisyo ay maaaring magpatuloy sa edad na 18 taong gulang

Mahihinto ang mga benepisyo kapag ang iyong anak ay umabot na sa edad na 18 taong gulang maliban na lang kung ang iyong anak ay isang estudyante o may kapansanan.

### Kung ang iyong anak ay isang estudyante

Tatlong buwan bago ang ika-18 taong kaarawan ng iyong anak, magpapadala kami ng abiso sa iyo na nagsasabi kung anong mga benepisyo ang magwawakas kapag sumapit na sa edad na 18 ang bata. Ang mga benepisyo ay hindi magwawakas kung ang iyong anak ay isang full-time na estudyante sa isang secondary (o elementary) na paaralan. Kung ang iyong anak ay mas bata sa 19 at pumapasok pa rin sa secondary o elementary na paaralan, kailangan nilang sabihin sa amin. Kailangan nilang kumumpleto ng isang pahayag ng pagpasok sa paaralan na certified ng isang opisyal ng paaralan. Ang mga benepisyo sa gayon ay karaniwan magpapatuloy hangga't ang iyong anak ay maka-graduate, o hanggang dalawang buwan makalipas na umabot sa edad na 19 taong gulang, alinman ang mauna.

### Kung ang iyong anak ay may kapansanan

Ang mga benepisyo ay magpapatuloy sa edad na 18 taong gulang ng isang batang may kapansanan. Ang mga benepisyo sa may kapansanan ay babayaran rin makalipas na umabot na sa edad na 18, kung ang kapansanan ay nagsimula bago ang edad na 22.

## Kung ikaw ay nag-aalaga sa isang bata

Kung nakakatanggap ka ng mga benepisyo dahil may bata kang inaalagaan, ang petsa ng paghinto ng iyong mga benepisyo ay maaaring iba mula doon sa bata.

Kung ang bata ay walang kapansanan, ang iyong mga benepisyo ay magwawakas kapag sila ay sumapit na sa edad na 16 taong gulang.

Kung may kapansanan ang bata, ang iyong mga benepisyo ay maaaring magpatuloy kung ikaw ay may pang-magulang na kontrol at responsibilidad para sa isang batang may kapansanang pangkaisipan. Ang iyong mga benepisyo ay maaari rin magpatuloy kung magsagawa ka ng mga personal na serbisyo para sa isang bata na may pisikal na kapansanan. Bago umabot sa edad na 16 taong gulang ang bata, magpapadala kami ng isang abiso sa iyo na naglalarawan sa mga kondisyon kung saan maaaring magpatuloy ang iyong mga benepisyo.

## Magkano ang maaaring makuha ng isang pamilya?

Sa loob ng isang pamilya, ang isang bata ay makakatanggap ng hanggang kalahati ng kumpletong pagreretiro o para sa may kapansanan na benepisyo. Kung ang isang bata ay nakatanggap ng mga benepisyo para sa mga survivor, maaari silang makakuha ng hanggang 75 porsiyento ng basic na benepisyo mula sa

*(kabila)*

Social Security ng pumanaw na magulang. Mayroon limitasyon, gayunma, sa halaga ng pera na maibabayad namin sa isang pamilya. Ang maximum na bayad sa isang pamilya ay napagpapasyahan bilang parte ng bawat pagkukuwenta sa mga benepisyo ng Social Security. Maaari itong mula 150 hanggang 180 porsiyento ng kumpletong halaga ng benepisyo ng magulang. Kung ang total na kabuuang ibabayad na halaga sa lahat ng mga miyembro ng pamilya ay humigit sa limitasyong ito, babawasan nang nang angkop ang benepisyo ng bawat tao (maliban doon sa magulang ) hanggang ang total ay patas sa maximum na pinapahintulutang halaga.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10085-TL | July 2017
Mga Benepisyo para sa Mga Bata
Benefits for Children (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito